

June is Parks and Recreation Month and Seniors Month in Brampton!

BRAMPTON, ON (Hunyo 1, 2022) – Ipinagdidiriwang ng Lungsod ng Brampton ang Buwan ng Parks at Recreation at ang Buwan ng Senior na may mga espesyal na mga event, aktibidad at libreng mga programa sa Hunyo.

Lumahok sa mga event na puno ng saya na iho-host ng Lungsod sa buong buwan:

National Health at Fitness Day – Sabado, Hunyo 4, 10 am hanggang 12 pm

Sumali sa fitness scavenger hunt, outdoor Zumba™ class at isang Sweat at Fete cardio class demo, at saliksikin ang fitness at wellness booths sa Chinguacousy Park. Ang unang 150 kalahok ay tatanggap ng kupon na pwedeng i-redeem sa loob ng 10-araw na fitness membership trial sa mga recreation centre ng Brampton. Hindi kinakailangan ang pagpaparegister. [I-click dito para sa mga detalye.](#)

Rehistrasyon sa senior summer program – simula sa Lunes, Hunyo 6

Ang Seniors Centre memberships ay magbabalik sa Bob Callahan Flower City Seniors Centre. Ang rehistrasyon para sa pansesyon na mga programa ay magsisimula sa Hunmyo 6 at ang mga programa ay magsisimula sa Hulyo 4. [I-click dito para sa mga detalye.](#)

Seniors Springfest – Biyernes, Hunyo 17, 12 hanggang 3 pm

Ang mga residente ng Brampton na edad 55+ at mga caretakers ay iniimbitahan sa isang tanghalian at dance event sa Century Gardens Recreation Centre. Ang event na ito ay ipinagmamalaking ipinapakita ng Amica Peel Village. Kinakailangan ang pagpapatala. [Mag-click dito para sa mga detalye at pagpapatala.](#)

International Yoga Day – Martes, Hunyo 21, 7 hanggang 9 pm

Sumali sa libreng outdoor yoga class sa Mount Pleasant Community Centre. Ang mga kalahok ay hinihiling na mag-donate ng hindi nabubulok na item ng pagkain at kailangang mgdala ng kanilang sariling non-slip yoga mat o tulaya para gamitin sa damuhan. Ang unang 100 kalahok ay tatanggap ng isang kupon na pwedeng i-redeem sa loob ng 10-araw na fitness membership trial sa mga reaction centre ng Brampton. Hindi kailangang ang pagpapatala. [I-click dito para sa mga detalye.](#)

Libreng drop-in na mga programa – lahat ng buwan

Magho-host ang Lungsod ng libreng mga drop-in program dahil ang Hunyo ay Buwan ng mga Parke at Recreation at ang Hunyo ay Buwan ng mga Senior. Hindi kinakailangan ang paunang pagpapatala para sa mga pagbisita sa mga recreation centre, gayunpaman, inirerekumenda na ang mga panauhin ay magpatala nang pauna para sa mga programa sa first-come, first-served basis.

[Mag-click dito para sa mga detalye sa mga drop-in na ang Hunyo ay Buwan ng mga Parke at Recreation.](#)

[Mag-click dito para sa mga detalye sa mgas drop-in ng ang Hunyo ay Buwan ng mga Senior.](#)

Saliksikin ang mga Parke at mga Trail na Pang-recreation – lahat ng buwan

Maghike,, magbisikleta at maglakad sa mga parke at pang-recreation na mga trail ng Brampton. Nag-aalok ang Lungsod ng higit sa 40 kilometro ng may-gabay at sementadong mga trail sa buong Brampton. [Mag-click dito para sa mga detalye.](#)

Mga Quote

“Ang Hunyo ay Buwan ng mga Parke at Recreation at Buwan ng mga Senior sa Brampton! Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod, at hinikayat ko ang lahat na sumali at magdiwang sa ating komunidad. Manatiling malusog at aktibo at magsaya.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

““Maligayang Buwan ng mga Parke at Recreation at Buwan ng mga Senior, Brampton! Ang Brampton ay isang magandang lugar para manirahan, magtrabaho at mag-enjoy para sa mga tao sa lahat ng edad at kakayahan. Saliksikin ang lahat ng ating mga programa para sa buwan, at siguraduhing mag-enjoy sa mga outdoor sa magagandang parke ng ating lungsod at pang-recreation na mga trail.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay may hanay ng mga oportunidad na available sa ating komunidad para sa kalusugan at kabutihan sa Hunyo na ito bilang bahagi ng Buwan ng mga Parke at Recreation at Buwan ng mga Senior. Sumali sa ating mga espsyal na event, mga aktibidad at libreng mga programa para maging parte ng selebrasyon.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang staff ng Lungsod ay committed sa pagbibigay ng mga pagkakataon para sa kabutihan ng komunidad. Mag-register para sa mga event sa buwan na ito para ipagdiwang ang Hunyo bilang Buwan ng mga Parke at Recreation at Buwan ng mga Senior.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca